

WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF EDUCATION
GRADUATE SCHOOL
Iloilo City

PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYANG PANG-INSTRUKSYON AT ANG ANTAS NG
KAHUSAYAN SA PAGTUTURO NG MGA GURO SA FILIPINO

Tesis na Iniharap sa
mga Guro ng Paaralang Gradwado
Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas
Lungsod ng Iloilo

Bilang Bahagi sa Pagtupad
sa mga Gawaing Kailangan sa Pagtatamo ng Titulong
Master ng mga Sining sa Edukasyon
(Filipino)

ni
Liza D. Villa
Nobyembre 2005

GRADUATE STUDIES
LIBRARY



WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF EDUCATION
GRADUATE SCHOOL
Iloilo City

6

Villa, Liza D. "Paggamit ng Teknolohiyang Pang-instruksyon at ang Antas ng Kahusayan sa Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino." Di-nalathalang Master ng mga Sining sa Edukasyon (Filipino) Tesis, Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo, Nobyembre 2005.

Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay tungkol sa paggamit ng teknolohiyang pang-instruksyon at ang antas ng kahusayan sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino sa *Central Philippine University*, taong panuruan, 2005-2006. Paraang palarawan ang metodong ginamit ng mananaliksik. Dalawang talatanungan ang ginamit sa pagtipon ng mga datos na kailangan sa pag-aaral: ang unang bahagi ay binubuo ng mga katanungang kaugnay sa paggamit ng teknolohiyang pang-instruksyon ng guro, at ang ikalawang bahagi ay binubuo ng mga katanungang kaugnay sa antas ng kahusayan sa pagtuturo ng guro. Sa pagtiyak ng antas ng kahusayan sa pagtuturo, gumamit ang mananaliksik ng *Teacher's Rating Scale* ng *Central Philippine University* na isinalin sa Filipino. Ang mga tagatugon ng pananaliksik ay isandaang limampu't anim (156) na mga estudyante sa kolehiyo na kumukuha ng Filipino 3a (Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina)

WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF EDUCATION
GRADUATE SCHOOL
Iloilo City

7

na pinili gamit ang *simple proportional random sampling*. Ang mga istadistikang ginamit ay ang katampatan at *standard deviation*. Sa pagtiyak ng makabuluhang pagkakaiba para sa mga baryabol na may dalawang kategorya tulad ng kasarian, kalagayang sosyo-ekonomiko, at kwalipikasyong pang-akademiko ng guro, ginamit ang *t-test*. *Gamma* naman ang ginamit para sa pagtukoy ng makabuluhang pagkakaugnay sa paggamit ng teknolohiyang pang-instruksyon at antas ng kahusayan sa pagtuturo ng mga guro. Itinuos sa .05 ang antas ng kabuluhan. Batay sa resulta ng pag-aaral, bihirang gumamit ng teknolohiyang pang-instruksyon ang mga guro bagamat mataas ang antas ng kahusayan ng kanilang pagtuturo. Mahihinuha samakatwid na ang antas ng kahusayan sa pagtuturo ay walang kaugnayan sa kanilang paggamit ng teknolohiyang pang-instruksyon. Dahil dito, iminumungkahi ang dagdag na pananaliksik tungkol sa gamit ng teknolohiyang pang-instruksyon at antas ng kahusayan sa pagtuturo.